

Taon 2024 Overseas Community Affairs Council Pag-aaral ng Wika sa mga Kabataan sa Ibayong Dagat (Pisikal na Klase)

Mga Pangunahing Impormasyon (balangkas)

- I. Layunin ng Aktibidad: Upang mapalawak at mapaunlad ang kakayahan sa wikang Mandarin ng mga kabataang nasa labas ng bansa, itaguyod ang pagpasok sa taong 2024 para makapag-aral sa Taiwan at magtapos sa apat na taong Academic Industry Cooperation Bachelor Program, Overseas Youth Employment Guidance Technical Training Class, at Industry-Academia Collaboration Special Class para mapalakas ang kakayahan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsusulat, at paggamit ng kompyuter para sa pagsulat ng Mandarin, palakasin ang kakayahan nilang umangkop sa buhay pang-akademya sa Taiwan, at pagkilala sa iba't ibang kultura sa Taiwan.
- II. Iskedyul ng Aktibidad:
 - (1) **Nahahati ang tagal ng programa sa 3 linggo, 4 na linggo, 6 na linggo,** nakalaan ang Lunes hanggang Biyernes sa pagtuturo sa wikang Mandarin, kultura, pagbisita, at iba pang mga aralin. Sa gabi, maaaring mag-aral nang sarili, tumulong sa pagtuturo, o iba pang mga aktibidad. Maluwag ang iskedyul tuwing Sabado at Linggo at nakalaan ang mga araw na ito para sa aktibidad ng sining at panlibangan.
 - (2) Mangyaring tingnan ang Kalakip 1 para sa itinakdang petsa ng pag-aaral at bilang ng mag-aaral para sa bawat programa.
 - (3) Nakalaan ang unang araw ng pag-aaral sa pagsundo sa paliparan at pagrehistro, at ang huling araw ay para sa paghatid sa paliparan; Nakatuon lamang ang serbisyo ng pagsundo at paghatid sa Pandaigdigang Paliparan ng Taoyuan.

III. Kwalipikasyon sa Pagsali:

(1) Kabataang Compatriot sa ibang bansa:

1. Maaaring sumali ang mga kabataang naninirahan sa ibang bansa na may edad na 14 hanggang sa hindi lalampas sa 20 taong-gulang. Binibilang ang edad mula sa petsa ng pagbubukas ng klase (batay sa petsa ng kapanganakan na nakasaad sa pasaporte). Nararapat na mayroong pasaporte o pambansang ID ng bansang kanyang tinitirhan ang mag-aaral, may malusog na pangangatawan, mabuting pag-uugali at mataas na kahiligang matuto ng wikang Mandarin, kayang mamuhay kasama ang iba pang mag-aaral, at mayroong i Compatriot Card.
2. Mga Kwalipikasyon ng Prayoridad sa Pagpasok: Ang mga aplikanteng mag-aaral ay mga bagong mag-aaral na nag-aaplay para sa pagpasok sa kolehiyo o nag-aaplay sa 2024 na apat na taong Academic Industry Cooperation Bachelor Program, Overseas Youth Employment Guidance Technical Training Class, at Industry-Academia Collaboration Special Class. **Bibigyan ng prayoridad ang mga nagpasa ng mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon.**

(2) Ang mga hindi Taiwanese na mag-aaral sa Taiwan Center for Mandarin Learning at mga pangunahing paaralan sa ibang bansa (limitado sa pag-aaplay sa Global na Klase - Ika-2 Term, Global na Klase - Ika-3 Term).

1. Maaaring magrekomenda ang Taiwan Center for Mandarin Learning ng mga kabataang mag-aaral na may edad na 14 hanggang sa hindi lalampas sa 20 taong-gulang. **Kinakailangang isama ang liham ng rekomendasyon ng guro sa pag-aaplay.**

2. Maaaring magrekomenda ang mga gurong Taiwanese na nasa ibang bansa na kasalukuyang nagtuturo sa mga pangunahing paaralan sa Europa at Amerika ng 2 estudyanteng nasa edad 14 hanggang sa hindi lalampas sa 20 taong-gulang, na walang pagkiling sa lahi ng mga bata.

Ilakip ang sulat ng rekomendasyon ng guro sa pag-aaplay.

IV. Hakbang sa Rehistrasyon:

- (1) Panahon ng Pagrehistro (oras sa Taiwan):
 1. Global Class (Ika-2 Term), Global Class (Ika-3 Term): Tumatanggap ng pagrehistro mula Enero 10, 2024, at magtatapos kapag napuno na ang bilang ng mga mag-aaral.
 2. Espesyal na Panrehiyong Klase: Tumatanggap ng pagrehistro 6 na buwan bago magsimula ang klase at magsasara kapag napuno na ang bilang ng mga mag-aaral.
- (2) Paraan ng Pagrehistro:
 1. Global Class (Ika-2 Term), Global Class (Ika-3 Term): Magrehistro sa "Sistemang Rehistrasyon sa Aktibidad ng Overseas Community Affairs" (Website:<http://register.ocac.gov.tw/>) bago ang huling araw ng pagrehistro.
 2. Espesyal na Panrehiyong Klase: Direktang magrehistro sa opisina ng Overseas Compatriot Affairs Council, sa konsulado ng bansang tinitirhan, o sa Overseas Chinese Culture Center bago ang huling araw ng pagrehistro. Maaaring makita ang mga detalye ng pakikipag-ugnayan sa Kalakip 2.
- (3) Proseso ng Pagsusuri: Dadaan ang impormasyon ng mga mag-aaral na kalakip sa aplikasyon sa unang yugto ng pagsusuri mula sa mga konsulado ng bansang kanilang tinitirhan at mga Overseas Chinese Culture Center (Kung walang mga tauhan ng Overseas Chinese Culture Center na nakatalaga sa lugar, ang mga tauhan na namamahala ng impormasyon ang

magsasagawa ng unang yugto ng pagsusuri). Ang Overseas Chinese Culture Center ang magpapatupad ng ikalawang yugto ng pagsusuri at magpapadala ng regular na liham sa lahat ng mga konsulado at sa Overseas Chinese Culture Center para ipaalam ang resulta ng pagtanggap.

(4) **Mangyaring ihanda ang iyong i Compatriot Card nang maaga** at i-scan ang mga sumusunod na dokumento upang mai-upload sa "Ipasa ang mga Dokumento" na bahagi ng sistema ng pagsusuri:

1. Elektronikong kopya ng litrato.
2. Kopya ng may-bisang pasaporte ng bansang tinitirhan.
3. Pinirmahang pahintulot sa pag-aaral ng aplikante at kanilang mga magulang.
4. Sertipikong pangkalusugan na pinirmahan ng isang doktor at may tala na pasado (**Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na walang x-ray ng dibdib para sa tuberculosis at pagsusuri ng Hepatitis B surface antigen**).
5. **Mga aplikasyon para sa pagpasok o pagsali at mga kalakip na dokumento** para sa 2024 Academic Industry Cooperation Bachelor Program, Overseas Youth Employment Guidance Technical Training Class, at Industry-Academia Collaboration Special Class (hindi kailangang maglakip kung wala).
6. Liham ng rekomendasyon mula sa guro (hindi kinakailangang maglakip kung wala).

(5) Visa: Dapat may bisang hindi bababa sa 6 na buwan ang pasaporte, upang mapayagang pumasok sa loob ng Taiwan. Depende sa uri ng pasaporte, may iba't ibang bilang ng araw na libre ang visa. Kung nais ng aplikante na palawigin ang pananatili niya sa Taiwan at magiging higit sa 30 hanggang 90 araw ito, hindi na maaaring magamit ang visa-free o visa-on-arrival para rito. Mangyaring makipag-ugnayan sa konsulado para sa aplikasyon

ng visa na may angkop na haba ng pananatili sa Taiwan. Dahil kung hindi ito maisasaayos at hindi nakakuha ng pahintulot na palawigin ang pananatili, hindi mananagot dito ang pangunahing (o nangungunang) ahensya.

- (6) Karapatan ng OCAC na magpasya kung itutuloy ang aktibidad batay sa kondisyon ng aktibidad at iba pang kadahilanan. Kung kinakailangang ikansela ang aktibidad, ipagbibigay-alam ito sa lahat ng nagrehistro, at hindi magbibigay ng anumang kabayaran ang aming opisina, tulad ng kabayaran sa nabiling tiket sa eroplano.**

V. Nilalaman ng pag-aaral:

- (1) Pagtuturo ng wikang Mandarin (traditional): Intensive course design, unti-unting nadadagdagan ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikinig, pagsalita, pagbasa at pagsulat sa nilalaman ng pag-aaral (20 oras kada linggo).
- (2) Kultura at Tradisyon: Kasama ang mga sining tulad ng kaligrapiya, tradisyonal na pagpinta sa Tsino, larong pambata, paghabi, sining ng papel, paghubog ng selyo, pag-iingay ng kampana, kung fu, etnikong sayaw, at sining at kultura ng mga katutubong mamamayan (8 oras kada linggo, itinuturo ang programa sa mga mag-aaral ayon sa kanilang hilig, ngunit maaaring magbago depende sa dami ng mag-aaral).
- (3) Kursong Tutorial sa Pag-input sa Kompyuter sa Wikang Tsino at InternetApplication: Kasabay ang paggamit ng resources at aktibidad sa Taiwan Center for Mandarin Learning (www.huayuworld.org) upang matuto ang mag-aaral ng wikang Mandarin (traditional) at paggamit ng wikang Mandarin (traditional) sa kompyuter (2 oras kada linggo).
- (4) Panggabing Aktibidad: nakatakda sa gabi ang mga pansariling pagsasanay, suportang pang-edukasyon, o mga aktibidad na panlibangan.

- (5) Talakayang Pangkabataan: may inilaan na isang pagpupulong sa pagitan ng mga Special Class for Overseas Compatriot Students at Learners upang magbigay ng kaalaman tungkol sa teknikal na edukasyon sa Taiwan at matulungan silang magplano para sa kanilang karera sa hinaharap.
- (6) Iba Pa: pamumuhay sa Taiwan, panonood ng mga pelikula, pagpunta sa mga kalapit na mga atraksyon, pag-iikot sa mga paaralan, at paglahok sa isang 3-araw, 2-gabing biyaheng pagtatapos.

VI. Mga Katangian ng Pag-aaral:

- (1) Disenyong intensive course, may interaksyon at ugnayan sa dalawang panig upang tumaas ang nais na mag-aral at mapabuti ang epekto sa pag-aaral.
- (2) Nahahati ang klase at pagtuturo ayon sa kakayahan sa wikang Mandarin (traditional), pagtuturo sa maliliit na klase.
- (3) Kinuha ang mga espesyalista sa wikang Mandarin (traditional) at katutubong kultura bilang tagapagturo, gamit ang iba't ibang audio-visual equipment upang makatulong sa pagtuturo at madagdagan ang epekto at bisa ng pag-aaral.
- (4) Dadalaw sa anim na pangunahing estratehikong industriya ng Taiwan, at mararanasan ang mga kaugalian at natatanging kultura ng Taiwan.
- (5) Maninirahan ang lahat ng mga mag-aaral sa isang dormitoryo sa paaralan sa loob ng panahon ng pag-aaral. Bilang prinsipyo, magkakaroon ng 4-6 na katao sa bawat silid.
- (6) May air conditioner pasilidad ang mga silid-aralan at kuwartong tulugan, may lugar panlibangan at himnasyo, at may pasilidad sa self-service paglalaba ng damit.

- (7) Dapat sumunod ang mga mag-aaral sa mga kaugnay na pamantayan ng pamumuhay na itinakda ng bawat programa. Kapag hindi sumunod sa mga kaugnay na pamantayan at pinaalis sa aktibidad, kailangang magbayad nang buong halaga kapag muling sasali sa iba pang aktibidad. Hindi na magbibigay ng subsidiya ang OCAC.
- (8) Maaaring tumira sa labas ang mag-aaral kapag may sertipikong nagmula sa magulang o sa itinalagang kamag-anak o kaibigan.

VII. Pagdating at Pagrehistro:

- (1) **Petsa:** Ayon sa nakatakdang abiso sa pagtanggap; kung dahil sa di-inaasahang pangyayari at kailangang patagalin ang pagrehistro, dapat munang kumuha ng pagsang-ayon mula sa OCAC at tatagal lamang ito nang 3 araw.
- (2) **Lugar:** Tingnan sa abisong pagtanggap.
- (3) Kapag nag-report ang mag-aaral, kailangang ipasa ang sulat ng pagsang-ayon sa pag-aaral, ang gastusin na kailangang akuin ng mag-aaral at ang pasaporte (magkakasamang itatago); at kumuha ng ID ng mag-aaral, sertipikasyon ng pag-aaral at ang naitalagang silid (titira ang lahat ng mga mag-aaral sa dormitoryo sa lugar ng pag-aaral).
- (4) **Gagastusin:**
 1. **3-Linggong Klase:** May bayad ang bawat mag-aaral na (ganoon rin ang sumusunod) 37,500 NTD kada term, magbabayad ang mag-aaral ng 22,500 NTD, at ang OCAC ng 15,000 NTD.
 2. **4-na-Linggong Klase:** May bayad ang bawat mag-aaral na 50,000 NTD kada term, magbabayad ang mag-aaral ng 30,000 NTD, at ang OCAC ng 20,000 NTD.
 3. **6-na-Linggong Klase:** May bayad ang bawat mag-aaral na 75,000 NTD kada term, magbabayad ang mag-aaral ng 45,000 NTD, at ang OCAC ng 30,000 NTD.

VIII. Mga bagay na dapat bigyan ng pansin:

- (1) Makatatanggap ang mga mag-aaral na makapapasa sa pagsusuri sa programa ng sertipiko ng pagtatapos sa wikang Mandarin (tradisyonal) at Ingles mula sa OCAC, at isusulat din ang bilang ng oras ng pag-aaral sa wikang Mandarin (tradisyonal).
- (2) **Dapat sundin ang iba't ibang mga tuntunin sa aktibidad. Kapag may nangyaring malaking paglabag, paaalisin mula sa programa ang mag-aaral ayon sa alituntunin ng OCAC.**
- (3) Bawal manigarilyo at uminom ng alak sa lugar ng pag-aaral. Mapaparusahan ang sinumang lumabag.
- (4) Nararapat na kumuha ang mga mag-aaral ng personal na medikal na insurance bago umalis sa bansang tinitirhan. Sarili nilang pananagutan ang anumang gastos kapag nagkasakit, nagpapagamot o na-ospital. Hindi maaaring gumawa ng anumang hiling sa OCAC o sa nangungunang ahensya ang mag-aaral o magulang.
- (5) Kapag may kakaibang sakit o maaaring may simtomas ng sakit sa katawan (tulad ng sakit sa puso, sakit sa utak at ugat ng dugo, diabetes, sakit sa isip, epilepsy, nakakahawang sakit, naoperahan bago nagsimula ang aktibidad o buntis) at makakaapekto sa pangkaraniwang kabuhayan, huwag pong sumali at magparehistro.

IX. Kung may anumang katanungan tungkol sa pagrehistro, ang kalakip na pangunahing impormasyon na nakasulat sa Mandarin ang magiging batayan.

Programa	Term	Petsa ng Pagproseso	Tagal	Bilang ng Mag-aaral	Mga Paalala
Global Class	Ika-2 Term (Pangkabataan at Pambatang Klase)	6/25 ~ 7/13	3 linggo	40	<ol style="list-style-type: none"> Maaaring magparehistro ang lahat ng mga kabataang Tsino na may edad na 14 hanggang sa hindi lalampas sa 20 taong gulang mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Kinabibilangan ng parehong mga bata at kabataan ang ikalawa at ikatlong term. Ang Pangkabataan at Pambatang Klase ay para sa mga nasa edad na 14 hanggang sa hindi lalampas sa 18 taong gulang; Ang Pangkabataang Klase ay para sa mga nasa edad na 18 hanggang sa hindi lalampas ng 20 taong gulang.
	Ika-2 Term (Pangkabataang Klase)			20	
	Ika-3 Term (Pangkabataan at Pambatang Klase)	7/15 ~ 8/9	4 na linggo	80	
	Ika-3 Term (Pangkabataang Klase)			40	
Especyal na Panrehiyong Klase	Klase ng Thailand 1	3/24 ~ 5/4	6 na linggo	120	
	Klase ng Pilipinas	6/12 ~ 7/7	4 na linggo	120	
	Klase ng Indonesia	6/24 ~ 7/19	4 na linggo	180	
	Klase ng Thailand 2	7/3 ~ 7/28	4 na linggo	70	

Unit	Telepono	Fax	E-mail
Taipei Economic and Cultural Office sa Thailand	+66-2-119-3555 +6	+66-2-119-3566	thailand@ocac.gov.tw
Culture Center of Taipei Economic and Cultural Office sa Pilipinas	+63-2-8243-0059~61	+63-2-8242-2266	manila@ocac.gov.tw
Dibisyon ng Expatriate, Taipei Economic and Trade Office, Jakarta, Indonesia	+62-21-515-3939 Ext 411/420	+62-21-515-4228	indonesia@ocac.gov.tw